Life Together

# Mga Magulang at mga Anak

WEEK 2

## WARM-UP

- Kung hindi magiging sagabal ang pera, ano ang gusto mo sanang ibigay sa mga magulang o tagapag-alaga mo? Bakit?
- Ano ang isang bagay na pinakagusto mo tungkol sa iyong ama o sa taong nagsilbing ama sa buhay mo? Balikan ang isang pagkakataon na magpapaliwanag nito.
- Anong mga salita ang ginagamit mong pantawag sa iyong mga magulang? Sa palagay mo, paano sinasalamin ng mga salitang ito ang ugnayan na mayroon kayo?

## WORD

*1 Mga anak, sundin n'yo ang mga magulang n'yo dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon. 2 "Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. 3 At ito ang pangako, "Giginhawa ka at hahaba ang buhay mo rito sa lupa." 4 At kayo namang mga magulang, huwag kayong gumawa ng mga bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo. Sa halip, palakihin ninyo sila nang may disiplina at turuan ng mga aral ng Panginoon.*

**MGA TAGA-EFESO 6:1–4**

Mula sa pagsasamahan ng isang mag-asawa, si apostol Pablo ay bumaling naman sa ugnayan ng mga magulang at ng kanilang mga anak. Pinagtuunan niya ng pansin ang mga ama ng tahanan. Kung naniniwala tayo sa ebanghelyo at ang buhay natin ay tunay ngang binago na ni Cristo, dapat itong makita sa lahat ng ating mga relasyon, kasama na ang ugnayan natin sa ating mga magulang at anak. Maging sa gitna ng kabiguan at mga nasirang ugnayan, nagbigay ang Bibliya ng mga dapat gawin at mga pangakong matatanggap natin kung tayo ay susunod sa Diyos. Maaari itong humantong sa pagdidisipulo ng mga maka-Diyos na henerasyong susunod kay Cristo.

## 1 Tayo ay dapat na magpasakop sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.

*Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.*
**MGA TAGA-EFESO 5:21**

Inatasan ni apostol Pablo ang iglesya sa Efeso na hayaang mapuspos sila ng Banal na Espiritu (Mga Taga-Efeso 5:18) sa pamamagitan ng pagsamba at pasasalamat sa Diyos at pagpapasakop sa isa't isa. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sa atin ng kakayahang mamuhay nang may pagpapakumbaba, sa paraang nagbibigay galang kay Cristo. Sa palagay mo, bakit itinuro ni apostol Pablo ang tungkol sa pagpapasakop sa isa't isa bago siya nagbigay ng mga pahayag tungkol sa iba't ibang mga relasyon gaya ng asawa at pamilya? Sa tingin mo, paano makikita ang sinasabi sa Mga Taga-Efeso 5:21 sa ating mga tahanan at ano ang magiging bunga nito?

## 2 Ang mga anak ay sumusunod at gumagalang sa kanilang mga magulang.

*[1]Mga anak, sundin n'yo ang mga magulang n'yo dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon. [2]"Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. [3]At ito ang pangako, "Giginhawa ka at hahaba ang buhay mo rito sa lupa."* **MGA TAGA-EFESO 6:1–3**

Kung ang mga anak ay susunod at magbibigay galang sa kanilang mga magulang, ipinangako ng Diyos na pagpapalain Niya sila at bibigyan Niya ng gantimpala. Mararanasan at ikasisiya nila ang isang ganap at mahabang buhay. Ito ay sa kadahilanang *nararapat* lamang na sumunod sa mga magulang ang kanilang mga anak. Bagama't marami sa atin ang hindi na bata na umaasa sa ating mga magulang, ang kautusan na igalang sila ay nananatili. Maipapakita natin ang paggalang na ito sa paraan natin ng pakikitungo sa kanila at pakikipag-usap sa iba tungkol sa kanila. Para sa iyo, paano mo naipapakita ang

paggalang sa iyong ama at ina? Paano mo naranasan ang mga benepisyong dala ng pagsunod sa kautusang ito?

## 3 Ang mga ama ay nagtuturo at nagbibigay ng patnubay sa kanilang mga anak.

*At kayo namang mga magulang, huwag kayong gumawa ng mga bagay na ikasasama ng loob ng mga anak ninyo. Sa halip, palakihin ninyo sila nang may disiplina at turuan ng mga aral ng Panginoon.* **MGA TAGA-EFESO 6:4**

Sa orihinal na salitang ginamit sa pahayag na ito, ang salitang "magulang" ay nangangahulugang "ama." Tuwirang tinukoy ni Pablo ang mga ama at ang kanilang ugnayan sa kanilang mga anak. Sinabihan niya silang mamuno, magsanay, at makipag-ugnayan sa kanilang mga anak ayon sa pamamaraan ng Diyos. Ang mga ama naman ay dapat na magdisiplina ng kanilang mga anak sa paraang hindi magdudulot sa kanila ng sama ng loob, o kaya ay magturo sa kanila nang hindi magpapahina ng kanilang kalooban. Ano ang mga praktikal na pamamaraan upang maturuan ng isang ama ang kanyang mga anak? Ano ang maaaring gawin ng mga magiging ama sa hinaharap upang paghandaan ito?

## APPLICATION

- Sa palagay mo, paano lalalim at lalago ang ugnayan mo sa iyong mga magulang? Ano ang panalangin mo para sa relasyong ito, at ano ang handa kang gawin para dito simula ngayong linggo?
- Kung ikaw ay isang magulang, ano ang nais mong mangyari para sa anak o mga anak mo? Paano mo maisasalamin si Cristo sa pamamagitan ng ugnayan mo sa kanila araw-araw? Paano mo sila mabibigyan ng patnubay gamit ang mga pamamaraan ng Diyos?
- Paano maipapahayag ng mga ugnayan mo si Cristo sa mga taong nakapaligid sa iyo? Ano ang natutunan mo sa araling ito at ano ang gagawin mo tungkol dito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa kung sino Siya sa buhay mo, sa Kanyang pagmamahal, at sa Kanyang kapangyarihan na naglagay sa iyo sa pamilyang kinabibilangan mo.
- Ipanalangin na patuloy kang lalago sa mga ugnayan mo, lalo na sa iyong pamilya. Ipanalangin ang pamilya mo at ipahayag ang biyaya, kapayapaan, at kagalakan para sa bawat miyembro ng pamilya mo.
- Hingin sa Diyos ang karunungan at lakas ng loob upang ipahayag kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya para sa iyo. Ipanalangin na maipahayag mo kung sino si Cristo sa pamamagitan ng iyong salita at buhay.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph